Simula ika- 1 ng Abril 2021

# Impormasyon at Paghiling ng Kooperasyon sa Panunumpa Tungkol sa Sistemang Partnership sa Fuji City

## 1 Tungkol sa pangkalahatang ideya ng Sistema

### ■Ano ang sistemang deklarasyon ng partnership ？

Ito ay isang Sistema kung saan kinikilala ng dalawang tao ang bawat isa bilang partner o magkatuwang sa buhay at nanunumpa sa Lungsod na nangangako silang mabubuhay at magsasama na may responsibilidad at kooperasyon sa isa' t- isa. Sa panunumpa, kailangang magsumite ng affidavit sa City Hall. Pagkatapos nito, magbibigay ang Lungsod ng katibayan bilang patunay sa ginawang panunumpa ng magkapares o magkapartner.

Hindi lamang patungkol sa sekswalidad ng tao, ngunit ang mga karaniwang magkapares na nagsasama na halintulad sa mag- asawa ay maaari ring manumpa.

### ■Batayan sa mga nais magpadeklara

- Nasa tamang edad.（ edad 20 pataas ）
- residente ng Fuji City ang kahit isa sa magkapares
- Walang asawa na nakarehistro.
- Hindi pa nakagawa ng panunumpa o pagpapadeklara ng partnership..
- Hindi magkamag-anak

※ Para sa ibang detalye at impormasyon, tunghayan ang guidebook sa website ng Lungsod




### ■Ibibigay na dokumento

- Partnership Oath Certification（Ａ４size)
- Partnership Oath Certificate Card（Drivers License size）


Certificate sample（Ａ４size）


第１号
パートナーシップ宣誓書受領証
宣誓日
令和 3 年 4 月 1 日
氏名 富士 太郎
氏名 永田町 花子
生年月日
平成 元 年 1 月 1 日生
生年月日
平成 元 年 1 月 1 日生
富士市パートナーシップの宣誓の取扱いに関する要綱の規定に基づき、両者は、互いを人生のパートナーとし、相互に責任を持って協力し合うことにより共同生活を行うことを約束した関係であることを、本市において宣誓したことを証します。
令和 3 年 4 月 1 日
富士市長 小長井 義正




City website ＱＲ code

Card Certificate sample（front・back）（ Drivers License size ）


パートナーシップ宣誓書受領カード
富士市パートナーシップの宣誓の取扱いに関する要綱の規定に基づき、両者は、互いを人生のパートナーとし、相互に責任を持って協力し合うことにより、共同生活を行うことを約束した関係であることを、本市において宣誓したことを証します。
宣誓日
令和 3 年 4 月 1 日
宣誓者
【本人】 富士 太郎
平成 元 年 4 月 2 日生
【パートナー】 永田町 花子
平成 元 年 1 月 5 日生
令和 3 年 6 月 10 日
富士市長 小長井 義正

この宣誓書受領カードを提示された方へ
富士市は、一人ひとりが持つ特性の違いや性の多様性を認め合い、全ての人が自分らしく生きることができる社会の実現を目指しています。このカードは、お互いを人生のパートナーとし、相互に責任を持って協力し合うことにより共同生活を行うことを約束した関係であることを宣誓し、市がその宣誓書を受領したことを証明するものです。このカードの提示を受けた方は、この趣旨を十分に御理解くださいますようお願いします。
【特記事項】
発行 富士市 市民部 多文化・男女共同参画課

〔Para sa ibang katanungan〕
Fuji City Hall Citizen' s Department Multiculuture and Gender Equality Affairs Division
《Telepono》０５４５－５５－２７２４ 《ＦＡＸ》０５４５－５５－２８６４
《E-mail》si-danjo@div.city.fuji.shizuoka.jp

■Paano ang pag-apply at proseso

① Kinakailangan ng reserbasyon, 14 na araw bago sumapit ang petsa ng napiling araw ng panunumpa.

↓

② Pagsasagawa ng panunumpa

Kailangang pumunta ng magkapares na nais magpadeklara sa Multiculture and Gender Equality Affairs Division (*Tabunka Danjo Kyodo Sankaku Ka*). Sulatan ang papel ng pagpapahayag at ipasa kasama ang mga sumusunod na dokumento.

( mga kailangang dokumento)

- Kopya ng Residence Certificate（upang malaman ang tirahan sa kasalukuyan）
- Family register（upang makumpirma kung may asawa o wala）
- ID na maaaring mapagkakakilanlan (My number card, Drivers license at iba pa.)

※Maaaring magsagawa ng panunumpa sa pangkaraniwang pangalan.

↓

③Pagtanggap ng Partnership Oath Certificate

Matapos maisumite ang mga form, matatanggap ang「Partnership Oath Certficate」

■Saan maaaring magamit ang Sertipikasyon

- Maaaring mag-apply sa pabahay ng Munisipalidad.
- Kinikilala bilang may karapatan sa pagsang- ayon o pagpapahintulot sa operasyon pagsusuri o eksaminasyion at iba pa sa Fuji City General Hospital ( Chuo Byouin ).

※Maaari pang madagdagan ang mga serbisyo na matatanggap sa hinaharap.

※Ang panunumpa sa sistemang ito ay hindi tulad sa legal na kasal na sumailalim sa probisyon ng Kodigo Sibil. Kahit na sumailalim sa sistemang ito, walang legal na epekto sa iba't- ibang mga karapatan at obligasyon tulad sa mga mana, karapatan sa pag- aari, pagbabawas sa buwis at mga obligasyong suportahan ang mga kamag- anak.

## 2 Pakiusap sa pakikipag kooperasyon sa sistema

Bagama't ang sistemang ito ay walang legal na epekto at ang Family register at Residence Certificate ay hindi magbabago, iginagalang ang saloobin ng dalawang sumumpang magkapares at sinusuportahan ng Lungsod ng Fuji.

Sana'y maunawaan ang layunin ng sistemang ito at aktibong tumugon sa mga serbisyo na maaaring ibigay sa mga sumailalim sa panunumpa na isinagawa ng bawat panig.